

# ANG MGA MILAGRO NG ATING INA NG LAGING SAKLOLO

TINAGALOG NI TERESA MANSILLA ISINAAYOS NI: E. REYES TAN GUHIT NI JESS




AT IBINALITA NI CARMELA ANG PAG-UWI NIYANG KASAMA NG MARAMING BATA...
MASAYANG MASAYA PO KAMI, MAMA. HABANG LUMALAKAD, KASABAY KO PO ANG MGA NAG-AARAL KAY MESTRO ANTON.
HA?.. HINDI MO NA ISINAALANG-ALANG ANG IYONG KALAGAYAN?
HINDI NAKAHUMA SI CARMELA AT BIGLANG LUMUNGKOT ANG MUKHA NITO. NAPANSIN ANG GAYON NG BARONESA...
BAKIT? BAKIT BIGLA KANG NAMANGLAW, ANAK?
MAMA, NAKALIMUTAN NA PO YATA NINYO NA ANG DIYOS AY NANAOG PO SA LUPA NA ANG HINANAP NA KAIBIGAN AY MGA MAHIHIRAP. AKO PO'Y HAMAK NA ALABOK LAMANG.
ANG SINABI NI CARMELA AY TUMALAB SA PUSO NG BARONESA KAYA'T HINDI NITO NAPIGIL ANG PAGLUHA...
MAMA, BIKIT KAYO LUMULUHA? MASAMA PO BA ANG SINABI KO SA INYO?
ANO PONG GAWA IYON NA DAPAT KONG IPAGPATULOY?
IKINATUWA KO ANG ISINAGOT MO SA AKIN. ANG LUHA KO AY LUHA NG KATUWAAN. YAMANG GANYAN ANG KALOOBAN MO, IBIG KONG ITULOY MO ANG GINAGAWA NG AKING ANAK.
SI MARIE AY NAGSISIMBA TUWING MIYERKOLES AT NAMAMAHAGI NG LIMOS SA MGA PULUBI. KUNG LINGGO AY NAGSISIMBA AT NAGHAHANDOG NG PAGKAIN SA MGA DUKHA.
MAMA, PANGARAP KO PO IYAN PAGKAKAISIP KO NA, DANGAT MAHIRAP PO LAMANG KAMI.
NGAYON AY MAGAGAWA MO NANG LUBOS ANG PINAPANGARAP MO.
MAMA!
SIYANG PAGPASOK NI RAQUEL...
RAQUEL, DUMATING KA NA PALA. MAY MAHALAGA AKONG SASABIHIN SA IYO.
ANO KAYA ANG IBABALITA NG BARONESA KAY RAQUEL? MAISAGAWA KAYA NI CARMELA ANG MGA SINABI NG BARONESA?
ABANGAN ANG KASUNOD